# Shelter at home/Paglikas sa bahay

## Maari mong piliin ang isa sa option ng evacuation ang pananatili sa bahay. Kung kumpirmado mo na ligtas ang iyong bahay.

Ang paglikas sa evacuation center ay isa sa option ng evacuation, ngunit kung ligtas ang mga nasa paligid mo at walang pinsala ang iyong bahay ay mas mabuti na manatili sa inyong tahanan, ituring ito na shelter at home.

Kailangang makasiguro para sa kaligtasan at napakahalaga ring magplano ng maaga kung saan kayo tutuloy at mananatili kung dumating ang panahon ng kalamidad.

### Mga kailangang bagay para matugunan ang emergency supply

Alternatibong imbak na supply gaya ng portable gas stove para sa pagluluto, battery-powered lantern o headlamps para sa para sa ilaw, hand-cranked generator na pang charge para sa mga cell-phones, plastic bottle ng tubig at iba pa.




### Maari ring hindi gumana at magamit ang mga toilet

Maaring ring hindi gumana at magamit ang mga toilet sa panahon ng kalamidad kung kaya't kinakailangan na may imbak ng sapat na tubig. Subukan nating suriin ang ating pang araw-araw na gawi para sa paghahanda sa kalamidad gaya ng pag-imbak sa tangke ng tubig ulan, ang hindi agad-agad na pagtatapon sa tubig sa bathtub upang mayroon magamit kung kakailanganin ng tubig.



# Emergency stock at rolling stock ~Paano malalampasan ang panahon na nasa evacuation at home~

## Idea para sa “Rolling stock method“ ng Emergency food

Nakaranas na po ba kayo ng ganito? Noong napansin ay lagpas na ang expiration date ng mga pagkain na inimbak para sa panahon ng kalamidad! At dahil dito ay inirererkomenda namin ang “Rolling stock method”.
Isa sa paraan dito ay pagdaragdag at pagpapalit kung may kinain sa stock na pagkain na mayroon kayo sa araw-araw na matagal ang expiration date gaya ng delata at ready to eat na mga pagkain at iba pa. Sa pamamagitan ng pag-iimbak at pagkonsumo ay mapapanatili na mayroong palaging bagong imbak na emergency food. Subukan kaya natin ang ganitong paraan?




**Hindi lamang pagkain ang kailangan nating iimbak kundi pati na rin ang mga gamit pag may menstruation, diaper na ginagamit sa araw-araw at iba pa.**